

Mga Kemikal sa Paglilinis, Pag-sanitize, at Pag-disinfect at Ang Cycle ng Polusyon sa Kapaligiran

Marami sa mga kemikal na ginagamit natin para maglinis, mag-sanitize, at mag-disinfect ay masama sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran.

Marami sa mga kemikal ang nakakarumi sa hanging nilalanghap natin.

Kapag gumagamit tayo ng mga kemikal para maglinis, mag-sanitize, at mag-disinfect, dumadaan ito sa tubo at napupunta sa kanal.

Ang ilang kemikal ay bumabalik sa ating mga bahay, paaralan, at lugar ng trabaho sa ating tubig mula sa gripo.

Dinadala ng mga tubo ng kanal ang maruming tubig sa mga treatment plant ng maruming tubig.

Kapag kumakain tayo ng isda o shell fish na may concentrated na mga kemikal sa kanilang tissue, nakapasok ang mga kemikal sa ating katawan. Ang mga kemikal na ito sa ating mga katawan ay puwedeng magdulot ng mga problema sa kalusugan.

Sa pamamagitan ng mga treatment plant ng maruming tubig, nililinis ang tubig at nahahati ito sa maruming tubig at sludge.

Puwedeng makakontamina ng mga hayop sa dagat ang mga kemikal na na-discharge ng mga treatment plant ng maruming tubig.

Hindi lahat ng kemikal ay naalis. Ang iba ay dini-discharge sa surface water, mga ilog, at sapa. Ang ilang kemikal tulad ng Triclosan ay nako-concentrate sa sludge.

Ginagamit ang sludge sa mga agrikultural na sakahan kung saan itinatanim ang ating pagkain.

Ang ilang kemikal ay ina-absorb ng mga pagkaing halaman. Kapag kinain natin iyon, posible tayong ma-expose sa mga kemikal.

